

IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™

Lumalala sa pinakamabilis na tulin ang mga kundisyon ng pagpapatakbo mula noong Nobyembre 2015

Mga pangunahing nalaman

Ikalawang magkasunod na buwanang pagbaba ng output

Bumaba ang mga bagong order sa unang pagkakataon sa loob ng anim na buwan

Bumibilis ang paghina ng aktibidad sa pagbili

Noong Agosto, lumala sa pinakamabilis na tulin mula noong Nobyembre 2015 ang mga kundisyon ng pagpapatakbo ng mga kumpanya ng pagmamanupaktura sa ASEAN, ayon sa headline na IHS Markit Purchasing Managers' Index (PMI™), na may pagbaba sa bagong negosyo at output na nagkaroon ng epekto sa reading ng headline index.

Mas bumaba ang headline index sa 50.0 na neutral na marka, bumaba mula 49.5 noong Hulyo sa 48.9 noong Agosto at naging senyales ng patuloy na paglala ng katayuan ng sektor ng pagmamanupaktura ng ASEAN, ang pinakamabilis mula noong huling bahagi ng 2015. Ang katamtamang pagbawas sa mga pagpasok ng bagong negosyo at ikalawang magkasunod na pagbagsak ng output ang nag-ambag sa paglala. Nagkaroon din ng epekto sa pangkalahatang bagong order ang pinakamalaking pagbaba sa external na demand mula noong Nobyembre 2015. Kaugnay nito, tatlo lang sa pitong sinusubaybayang bansa ang nag-ulat ng paglala ng mga kundisyon ng pagpapatakbo.

Nag-ulat ang Singapore ng biglaang pagbaba sa katayuan ng sektor ng pagmamanupaktura nito, ang reading ng headline noong Agosto (42.9) ang isa sa pinakamababa sa history ng serye. Nagtala rin ang Malaysia ng matatag na paglala ng kundisyon ng pagmamanupaktura, ang headline index nito (47.4) ang pinakamababang reading mula noong Marso. Sunud-sunod na pagbaba sa mga kundisyon ng negosyo ang naitala ng Indonesia, na may headline figure (49.0) na nagtatampok sa pinakamabilis na pagbaba mula noong Hulyo 2017.

Kung ihahambing, ang headline figure ng Thailand (50.0) ay hindi naging senyales ng anumang pagbabago sa mga kundisyon ng pagpapatakbo, at nagtatampok ito ng pagwawalang-kilos sa sektor ng pagmamanupaktura. Samantala, ang headline index ng Vietnam (51.4) ay naging senyales ng bahagyang paglawak, kahit na ito ang pinakamabagal sa anim na buwan. Naiulat ng Pilipinas ang isa sa pinakamabilis na pagpapahusay sa mga kundisyon ng pagpapatakbo sa 2019 sa ngayon. Sa 51.9, nagpakita ang headline index ng katamtamang pagtaas. Bilang panghuli, ang headline index ng Myanmar (52.0) ay naging hudyat ng ikasampung magkasunod na pagpapahusay sa mga kundisyon, kahit na ito ang pinakamabagal sa pitong buwan.

Sa pangkalahatan, nahirapan ang sektor ng pagmamanupaktura ng ASEAN noong Agosto, habang bumagsak ang mga kundisyon ng pagpapatakbo sa pinakamababa sa apat na taon. Bumaba ang banyagang demand sa pangalawang pagkakataon sa loob ng tatlong buwan, habang

ipinagpatuloy...

ASEAN Manufacturing PMI
sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

Komento

Nagkomento sa mga resulta ng pinakabagong survey si Lewis Cooper, Ekonomista sa IHS Markit, aniya:

“Patuloy na nagpakita ng pagliit ang sektor ng pagmamanupaktura ng ASEAN noong Agosto, ayon sa pinakabagong data ng survey ng PMI. Ang rate ng paglala ay naging pinakamabilis mula noong Nobyembre 2015, habang nagkaroon ng epekto sa headline figure ang mga pagbaba ng mga bagong order.

“Kapansin-pansin na mayroong matinding pagkakaiba sa mga sinusubaybayang bansa, naitala ng Singapore ang isa sa pinakamataas na paglala mula noong nagsimula ang index na ito noong 2012, habang nagkaroon ng katamtamang pagpapahusay sa kundisyon ng pagpapatakbo ang Myanmar.

“Sa kabila ng mga hindi maayos na kundisyon ng negosyo, nananatiling positibo ang pananaw ng mga manufacturer kaugnay ng paglaki ng output sa hinaharap, at umaasa na magkakaroon ng pagpapahusay sa demand ng kliyente na nagpapalago sa mga positibong inaasahan.”

bumaba rin ang mga bagong negosyo sa unang pagkakataon mula noong Pebrero. Bahagyang bumaba ang mga volume ng order book, na pumutol sa magkakasunod na limang buwan ng paglago at nagdulot ng unang magkasunod na pagbaba ng produksyon mula noong Hulyo 2017. Kaugnay nito, bahagya lang ang pagbaba ng output sa pangkalahatan.

Ang mga mahinang kundisyon sa demand ay nagdulot ng mas mabilis na pagbaba ng aktibidad sa pagbili, na bahagyang bumilis mula Hulyo hanggang sa pinakamabilis mula noong Nobyembre 2015. Nanatiling maingat ang mga kumpanya sa kanilang mga imbentaryo noong Agosto, habang bumababa ang mga pre-production na stock para sa ikatlong magkasunod na buwan, kahit na mas mabagal ito kumpara noong Hulyo. Bahagyang bumaba ang mga stock ng mga namanupakturang item, habang hindi nagbago ang rate ng pagbaba ng stock mula noong Hulyo. Naging mas maganda ang performance ng vendor noong Agosto, habang mas pinaikli ang oras ng paghahatid ng mga supplier.

Ipinabatid ng data noong Agosto na nagkaroon ng ikatlong magkasunod na pagbawas sa bilang ng manggagawa. Kaugnay nito, ang rate ng pagbawas ng trabaho ay bumaba nang kaunti kumpara noong Hulyo na pinakamababa sa loob ng tatlo at kalahating taon. Kapansin-pansin na tatlo lang sa pitong sinusubaybayang bansa ang nag-ulat ng pagbaba sa bilang ng manggagawa, habang nagtala ang Pilipinas ng pinakamalakas na paglago ng antas ng mga tauhan sa halos dalawang taon.

Sa bahagi ng presyo, nagtala ang mga manufacturer sa ASEAN ng mga muted na inflationary pressure noong Agosto. Tumaas lang nang bahagya ang mga gastos sa input, at sa mas mababang antas kumpara noong Hulyo. Samantala, bumaba ang inflation ng presyo ng output sa kabila ng mahihirap na kundisyon sa demand.


Bumaba sa ikalawang magkasunod na buwan ang mga volume ng hindi kumpletong trabaho, kahit na bumaba ang rate ng pagbaba ng backlog mula noong Hulyo.

Panghuli, nanatiling positibo sa pangkalahatan ang inaasahan kaugnay ng output sa hinaharap noong Agosto, habang hindi nagbago ang antas ng positibong saloobin mula noong Hulyo. Sa gayon, nananatili pa rin itong mahina kumpara sa average ng serye.

Manufacturing PMI

Indonesia / Malaysia / Myanmar / Pilipinas
Singapore / Thailand / Vietnam

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

Makipag-ugnayan

Lewis Cooper
Economista
IHS Markit
Telepono: +44 1491 461 019
lewis.cooper@ihsmarkit.com

Bernard Aw
Principal Economist
IHS Markit
Telepono: +65 6922 4226
bernard.aw@ihsmarkit.com

Joanna Vickers
Corporate Communications
IHS Markit
Telepono: +44 207 260 2234
joanna.vickers@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerevisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaysay.

Ang data ng Agosto 2019 ay nakolekta noong 12-23 Agosto 2019.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaintala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2019 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayanan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa ihsmarkit.com/products/pmi.html.